


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 1

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1
## Pagsagot sa mga Tanong Hinggil sa Napakinggang Pabula



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Filipino – Unang Baitang**
**School Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong Hinggil sa Napakinggang Pabula**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga mayakda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Vanesa Iris T. Nob at Helen D. Cimafranca
**Editor/ Tagasuri:** Ronna B. Laranjo/ Riela Angela C. Josol
**Tagalapat:** May D. Olavides
**Tagapagpamahala:**
Virgilio P. Batan Jr.CESO VI – Schools Division Superintendent
Lourma I. Poculan – Asst. Schools Division Superintendent
Amelinda D. Montero – Chief Education Supervisor, CID
Nur N. Hussien – Chief Education supervisor, SGOD
Riela Angela C. Josol – Education Program Supervisor - Filipino
Bernie P. Laranjo – Public Schools District Supervisor
Ronillo S. Yarag- Education Program Supervisor, LRMS
Leo Martinno O. Alejo – Project Development Officer II, LRMS

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay tungkol sa pagsagot ng mg tanong tungkol sa napakinggang pabula. Matapo mong mapag-aralan ito, inaasahang masasagot mo an mga tanong tungkol sa iyong napakinggang pabula.

Mahalagang malaman mo ang pagsagot ng mga tanong tungkol sa napakinggang pabula upang mapaunlad ang kakayahan sa pagsagot sa mga tanong lalo na sa pang-araw-araw na pakikipag-usap sa ating kapwa.

**Pamantayan sa Pagkatuto:**

- Nasasagot ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula, tugma/tula at tekstong pang-impormasyon
  **(F1PN-IIa-3)**

| Aralin 1 | Pagsagot sa mga Tanong Hinggil Sa Napakinggang Pabula |
|---|---|

## *Tuklasin*

Mula sa pabula na nasa ibaba, sagutin ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula.

**Ang Ibon**

Isang umaga, may isang ibon na kulay bughaw. Dumapo siya sa sanga ng isang puno ng mangga. Nakita siya ng isang mangangaso at agad tong pumuwesto upang siya ay barilin. Buti na lang at naapakan ng mangangaso ang isang tuyong sanga na naging dalihan kung bakit nakapansin ang ibon sa pagdating nito. Agad na lumipad ang ibon papalayo.

**Tanong:**

1. Ano ang kulay ng ibon? ___________________________
2. Saan ito dumapo? ________________________________
3. Sino ang gustong bumaril sa ibon? ________________
4. Bakit nakapansin ng ibon ang pagdating ng mangangaso? ____________________________________
5. Kailan ito nangyari? ______________________________



# *Suriin*

Ang **pabula** ay isang kuwento na ang tauhan ay mga hayop. Ito ay kuwentong pambata na maaaring kapupulutan ng aral.

Tandaan na ang pagsagot sa mga tanong sa isang napakinggang pabula ay may pinagbabatayang mga naaayong tanong o *pattern* at hindi ito basta - basta na lang sinasagot.

Halimbawa:

1. Ano ang kulay ng ibon?
   **Sagot:** Ang kulay ng ibon ay bughaw.
   **Pagpapaliwanag**: Ang bughaw ay sumasagot sa tanong na ***ano*** dahil ang bughaw ay isang **kulay.**

2. Saan ito dumapo?
   **Sagot**: Dumapo ito sa isang sanga ng punong manga.
   **Pagpapaliwanag**: Sa sanga ng punong mangga ay sumasagot sa tanong na ***saan*** dahil ito ay isang **lugar** na pinangyarihan.

3. Sino ang gustong bumaril sa ibon?
   **Sagot**: Ang mangangaso ang nais bumaril sa ibon.
   **Pagpapaliwanag**: Ang mangangaso ay sumasagot sa tanong na ***sino*** dahil siya ay isang **tao.**

4. Bakit nakapansin ang ibon sa pagdating nito?
   **Sagot**: Napansin ng ibon ang pagdating ng mangangaso dahil nakaapak ito ng isang tuyong sanga.
   **Pagpapaliwanag**:Dahil nakaapak ito ng tuyong sanga ay sumasagot sa _tanong na ***bakit*** dahil nagbibigay ito ng **dahilan.**

5. Kailan ito nangyari?
   **Sagot**: Nangyari ito isang umaga.
   **Pagpapaliwanag**: Ang umaga ay sumasagot sa tanong na ***kailan*** dahil ito ay agsasaad ng isang **panahon**



## *Pagyamanin*

May ipaparinig akong isa pang pabula. Sagutin mo ang mga sumusunod na tanong tungkol dito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

**Ang Uhaw na Uwak**

May isang uhaw na uhaw na Uwak na gustong uminom sa isang pitsel na naiwan sa mesa. Makipot lamang ang bunganga ng pitsel kaya hindi maipasok ng Uwak ang ulo upang sipsipin ng tuka ang tubig. Hirap na hirap abutin ng Uwak ang kaunting tubig sa malalim na sisidlan. Kahit na anong pilit ay hindi mabawasan ang sobrang pagkauhaw ng Uwak.

Tumingala siya at luminga-linga sa paligid. Alam niyang may kasagutan sa alinmang problemang kinakaharap natin. Tama siya! Sa isang iglap ay naisip niya ang tanging kasagutan. Lumipad siya sa labas at tumuka ng isang munting bato na inihulog sa loob ng pitsel. Nagpabalik-balik siya sa paglalagay ng mumunting bato hanggang sa umabot ang tubig sa makitid na bunganga ng pitsel. Nakainom ang Uwak at natugunan ang pagkauhaw niya sa isang iglap lamang.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang uhaw na uhaw?
   a. baboy
   b. isda
   c. langgam
   d. uwak

2. Anong uri ng bunganga mayroon ang pitsel na may lamang tubig?
   a. butas lang
   b. makipot
   c. malaki
   d. malapad

3. Ano ang ginawa ng uwak upang mainom ang tubig mula sa pitsel?
   a. Nilagyan ng bato ang pitsel
   b. Binasag ang pitsel
   c. Itinumba ang pitsel
   d. Binato ang pitsel



## Isaisip

Mga dapat tandaan kung paano sagutin ang mga tanong na nagsisimula sa ano, sino, bakit, kailan at saan:

- **Ano** – para sa bagay, hayop, katangian, pangyayari o ideya
- **Sino** – para sa tao
- **Bakit** – para sa dahilan
- **Kailan** – para sa panahon at petsa
- **Saan** – para sa lugar



## Tayahin

**Panuto**: Sagutin ang mga tanong tungkol sa napakinggang pabula.

### Ang Aso at ang Kanyang Repleksyon

Isang araw, may isang asong naglalakad sa may daan habang kagat-kagat sa bibig ang isang piraso ng karne. Tumawid siya sa isang tulay at tumingin sa tubig sa ilalim ng tulay.Nakita niya ang kanyang repleksiyon sa tubig at inakalang ibang aso ito na mayroon ding dalang karne sa tubig.

Malaki at masarap ang dalang karne ng asong nasa harap ko, sa isip ng aso. Kapag nakuha ko ang karneng 'yan, magkakaroon ako ng dalawang karne. Tiyak mabubusog ako at siguradong may tira pa para panghapunan. Tatakutin ko siya at kukunin ko ang karne nito.

Tumahol siya dahil nais niyang makuha ang karne ng asong nakita. Ngunit sa kanyang pagtahol nahulog sa tubig ang karne sa kanyang bibig at hindi na niya ito muli pang nakuha. Malungkot at gutom na umuwi ang aso.

**Mga Tanong:**

1. Sino ang naglalakad sa daan?

   a. Tao
   b. pusa
   c. aso
   d. baka

2. Kailan siya naglalakad?

    a. umaga
    b. araw
    c. hapon
    d. gabi

3. Ano ang kanyang kagat-kagat?

    a. Tinapay
    b. sanga
    c. buto
    d. karne

4. Saan tumawid ang aso?

    a. Sa daan
    b. sa tulay
    c. sa ilog
    d. sa sapa

5. Bakit nais niyang makuha ang karne na kagat-kagat ng asong kanyang nakita?

    a. Nais niyang magkaroon ng dalawang piraso ng karne
    b. Dahil mas malaki ang karne ng asong kanyang nakita
    c. Mas masarap ang karne ng asong kanyang nakita
    d. Sa kanya ang karneng iyon

## Karagdagang Gawain

Pakinggan mo naman ang isa pang pabula. Sagutin ang mga tanong tungkol dito. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

Ang Lobo at ang Ubas

Minsan sa isang hapon ay inabot ng gutom sa kagubatan ang isang lobo. Nakakita siya ng isang puno ng ubas na hitik sa hinog na bunga. "Swerte ko naman. Hinog na tila matamis ang bunga ng ubas," ang sabi ng lobo sa sarili.

Lumundag ang lobo upang sakmalin ang isang bungkos ng hinog na ubas subalit hindi niya maabot ang bunga. Lumundag syang muli, at muli at muli pa. Subalit hindi pa rin niya maabot ang ubas.

Nang mapagod na ay sumuko rin sa wakas ang lobo at malungkot na umalis sa puno." Hindi na bale, tiyak na maasim na man ang bunga ng ubas na iyon," ang sabi niya sa sarili.

Mga Tanong:

1. Sino ang inabot ng gutom sa kagubatan?
   a. Ahas
   b. Kalabaw
   c. Lobo
   d. Tigre
2. Saan inabot ng gutom ang lobo?
   a. Sa bahay
   b. Sa kagubatan
   c. Sa laot
   d. Sa zoo

3. Kailan siya inabot ng gutom?

   a. bukas
   b. kahapon
   c. isang hapon
   d. Linggo

4. Anong prutas ang kanyang nakita?

   a. bayabas
   b. langka
   c. mangga
   d. ubas

5. Bakit napagod ang lobo?

   a. kakakain
   b. kakalangoy
   c. kakalundag
   d. kakatakbo



# Susi sa Pagwawasto

**Tuklasin**

1. Bughaw
2. Sanga ng punong manga
3. Isang manganganso
4. Tuyong sanga
5. Isang umaga

**Pagyamanin**

1. D. uwak
2. B. Makipot
3. A. Nilagyan ng bato ang pitsel

**Tayahin**

1. C. Aso
2. B. araw
3. D. karne
4. B. Sa tulay
5. A. Nais niyang magkaroon ng dalawang piraso ng karne

**Karagdagang Gawain**

1. C. lobo
2. B. kagubatan
3. C. isang hapon
4. D. ubas
5. C. kakalundag

## Sanggunian


MELC's

Aklat:

Aklat Pambata: Mga Kwentong Pabula

Larawan:

http://clipart-library.com/clipart/1239256.h